

Pakiusap na suriin muli para sa regular na pagbabago sa madalas na tanong.**1. Ang mga ahensya ba ng gobyerno ay karapat-dapat na mag-aplay?**

Hindi, ang mga ahensya ng gobyerno ay hindi karap-dapat.

2. Ang aking negosyo/organisasyon ay matatagpuan sa labas ng Lungsod ng Seattle. Karapat-dapat ba akong mag-aplay?

Oo, basta't ang iyong proyekto ay mangyayari sa Seattle o direktang may epekto sa daloy ng aksaya.

3. Maaari ba naming gamitin ang mga pondo ng kaloob para sa mga lugar na pinaglilingkuran ng proyekto o mga kliyente sa labas ng Seattle?

Ang mga proyekto ay kinakailangang tumuon lamang sa Seattle. Gayunpaman, kinikilala namin na ang ibang mga organisasyon ay maaaring mahirapan na ihiwalay ang kanilang mga kliyente sa Seattle mula sa ibang mga kliyente ng King County. Ilang maliliit na sustento ay maaaring gawin sa kaso-sa-kaso na basehan para sa mga proyekto na lampas ng Seattle.

4. Kailangan ba ng mga hindi pangkalakal (non-profit) ang lisensiya sa negosyo ng Lungsod ng Seattle?

Kung kayo ay maglilikom ng mga pondo sa Seattle, maging bilang isang pangkalakal o hindi pangkalakal na organisasyon, kayo ay dapat na magkaroon ng isang lisensiya sa negosyo ng Seattle.

5. Magkano ang halaga para kumuha ng isang lisensiya sa negosyo?

Ang mga halaga ng lisensiya sa negosyo ng Lungsod ng Seattle ay matatagpuan dito:
<https://www.seattle.gov/licenses/get-a-business-license/cost-of-a-business-license>.

Ang mga halaga ng lisensiya sa negosyo sa Washington State ay matatagpuan dito:
<http://bls.dor.wa.gov/faqlicense.aspx>

6. Maaari ba kaming mag-sumite ng higit sa isang aplikasyon sa isang pagkakataon?

Oo, kayo ay maaaring mag-sumite ng higit sa isang aplikasyon. Kung kapwa mga aplikasyon nyo ay napili bilang mga pinal na kalahok, isa lamang ang igagatimpala na kaloob.

7. Ang badyet ba ay kinakailangang eksakto, o maaaring tantya lamang?

Ang mga badyet ay kinakailangang tumpak hangga't maaari. Ikaw ay hindi papayagang humingi ng dagdag na pera kinamamaya, kaya siguruhing kwentahin ang lahat ng mga gastos ng proyekto sa iyong badyet.

8. Mayroon bang pinakamataas na hangganang halaga para sa mga pagkain at inumin?

Sa pangkalahatan, ipinapayo namin ang pinakamataas na \$10 kada tao para sa mga pagkain at inumin, ngunit depende ito sa gawain. Ang SPU ay magtatrabaho sa mga proyektong napiling bigyan ng mga kaloob para masiguro na ang pinakamataas na halaga ay makatwiran para sa proyekto.

9. Mayroon bang pinakamataas na halaga para sa mga insentibo?

Sa pangkalahatan, ipinapayo namin ang pinakamataas na halaga na \$25 kada aytem para sa mga insentibo, ngunit depende ito sa gawain. Ang SPU ay magtatrabaho sa mga proyektong napiling bigyan ng mga kaloob para masiguro na ang pinakamataas na halaga ay makatwiran para sa proyekto.

10. Mangangailangan ba ako ng espesyal na seguro para sa aking proyekto?

Sa pangkalahatan, ang mga proyekto ay mangangailangan ng mga sumusunod na seguro:

- \$1,000,000 sa Komersyal na Pangkalahatang Pananagutan (KPP) na seguro
- \$1,000,000 sa Pananagutan sa Sasakyan na seguro
- Seguro ng Kabayaran ng mga Manggagawa

Ang mga tiyak na pangangailangan ay magbabago ayon sa proyekto. Ang SPU ay magtatrabaho sa mga proyektong napiling bigyan ng mga kaloob para matukoy ang mga pangangailangan sa seguro. Ang mga halaga ng seguro na espesipiko sa proyekto na mas mataas sa iyong normal na sakop ay maaaring mapagkasunduan bilang bahagi ng badyet ng kaloob.

11. Ilang mga kopya ng aplikasyon ang kailangan naming ipadala?

Isang kopya. Siguraduhin na ang mga isusumiteng dokumento ay madaling makopya at maipamahagi.

12. Anong mga suportang dokumento ang dapat naming isama sa aplikasyon?

Ang mga tagasuri ay walang panahon na magbasa ng madaming suportang mga dokumento, kaya narito ang gabay ng mga tipo ng dokumento na isasama.

OO – Isama sa Aplikasyon	HINDI – Huwag isama sa Aplikasyon
• Mga sipi ng halaga at ibang suporta para sa mga tantya ng badyet. • Mga imahe, mga mapa, o ibang mga dokumento na makakatulong sa paliwanag ng iyong proyekto	• Mga sulat ng suporta • Taunang ulat • Pahayagan • Mga kliping mula sa pahayag • Ang badyet pang-operasyon ng organisasyon o ulat pinansyal.

13. Ang mga proyekto ba ay tutustusan ng buo?

Mayroong dalawang sitwasyon kapag ang mga proyekto ay hindi tutustusan ng buo: 1) kung ang iyong badyet ay may kasamang mga di karapat-dapat na halaga, o 2) kung ang komite ng tagasuri ay kailangang gumawa ng pagsasabayos sa badyet para umakma sa mga huling gantimpala sa loob ng \$100,000 na laan para sa mga kaloob. Kung hindi man, pipilitin namin na tustusan ang bawat tatanggap ng badyet na gantimpala ng buo. Planuhin ang badyet na iyong kailangan para sa iyong proyekto, at huwag sadyaing lagpasan ang badyet.

14. Ang aming aplikasyon ay tinaggihan. Maaari ba uli kaming mag-aplay?

Oo, maaari kayong mag-aplay taun-taon. Kung kayo ay mag-aaplay muli, payo naming kontakin kami sa wastefreegrants@seattle.gov o (206) 386-9791 para malaman kung paano nyo mapapabuti ang iyong aplikasyon sa susunod na ulit ng pagtutustos.

15. Maaari ba kaming mag-aplay ng karagdagang pondo kada taon para magpatuloy ang aming proyekto?

Ang mga kaloob na pondo ay hindi maaaring gamitin para sa *pagpapatuloy* ng proyekto, ngunit kayo ay maaaring mag-aplay ng bagong kaloob para *palakihin* ang proyekto. Ang bagong aplikasyon ay dapat magpakita ng pagtaas ng pagpigil ng aksaya.

Kung ang iyong proyekto ay humigit sa pinakamataas na \$15,000, maaari nyong hatiin ang iyong proyekto sa ilang mga bahagi sa loob ng maraming taon at mag-aplay ng hiwalay sa bawat bahagi. Ang bawat bahagi ay lalaban bilang indibidwal na proyekto, kaya walang garantiya na mapoponduhan kayo sa lahat ng mga bahagi.

16. Kung mapoponduhan, gaano kadali kami mababayaran?

Ang pagpondo ng kaloob ay binabayaran base sa naisauli na ginugol. Maaari kayong mag-sumite ng singilin kada buwan o kada-ikatlong buwan para maisauli ang ginugol. Asahan ang kabayaran matapos ang apat na linggo mula ng isinumite ang bawat singilin.